



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

PROVINCE OF BULACAN
OFFICE OF THE SECRETARY
OFFICIAL RECEIVED

DATE: Jan 20, 2023
TIME: 11:05 AM
BY: KSC

TANGGAPAN NG SANGGUNANG BAYAN

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-28 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG
IKA-11 SANGGUNANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA- 9 NG ENERO, 2022
SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN,
BULAKAN, BULACAN.

MGA DUMALO:

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez ----- Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

MGA KAGAWAD

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio	Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Jose Antonio V. Lava	Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Aron Ronald R. Cruz	Igg. Richie E. San Jose
Igg. Marbin J. Garcia	Igg. Michael M. Ramos (ABC)
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario	Igg. Miguel Leonardo (SK)

LAHAT AY NAKADALO

KAUTUSANG BAYAN BLG. 2023 - 362

PAMBAYANG KAUTUSAN NA KIKILALA AT MAG GAGAWAD SA
MGA NATATANGING BULAKENYO NA NAKAPAG-UWI NG
KARANGALAN SA BAYAN NG BULAKAN NA GAGABAYAN NG MGA
ALITUNTUNING NAGTATAKDA NG KATANGIAN NG ISANG
NATATANGING MAMAMAYAN

Mga May Akda: Igg. Marbin J. Garcia
Igg. Aron Ronald R. Cruz

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ay kumikilala sa mga natatanging ambag
ng mga mamamayan ng Bulakan sa iba't ibang larangan tulad ng akademiko, isports,
sining, pagandahan, boluntaryong serbisyo, at iba pang may natatanging kontribusyon
sa iba't ibang disiplina;

SAPAGKAT, ang sinumang mapagkakalooban ng Gawad ay nararapat na
mabusising kilatisin ng Sangguniang Bayan ng Bulakan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay magtatakda ng mataas na antas na
batayan at pagsusuri sa pagbibigay Gawad sa mga Natatanging Bulakenyo;

SAPAGKAT, ang mga kikilalaning natatanging Bulakenyo ay magsisilbing
inspirasyon sa mga mamamayan ng Bulakan anumanang larangang kanilang
kinabibilangan;

SAPAGKAT, ang paggagawad sa mga Natatanging Bulakenyo ay aktuwal na gagawin sa pamamagitan ng isang programang lalahukan ng mga piling panauhin, Sangguniang Bayan, mga Bulakenyo, at mga mapapabilang sa lapon ng Natatanging Bulakenyo

Dahil dito, ipinag-uutos ng Sangguniang Bayan ng Bulakan, na:

TUNTUNIN 1. Na ang pagkakalooban lamang ay ang mgasumusunod:

a. Ang mga natatanging mamamayang Bulakenyo salarangan ng akademya.

Kolehiyo - Mga Bulakenyong nagtapos sa kolehiyo na tumanggap ng karangalang summa cum laude, magna cum laude, at cum laude ay marapat na mabigyan ng parangal.

Sekondaryang Lebel - Mga Bulakenyong nagtapos ng sekondaryang lebel na tumanggap ng pinakamataas na karangalan (With Highest Honors).

Primaryang Lebel - Mga Bulakenyong nagtapos ng elementary na tumanggap ng karangalan bilang *valedictorian*.

b. Ang mga natatanging mamamayang Bulakenyo na nakapasa sa pagkuha ng board/bar examination sa kasalukuyang taon ay bibigyang pagkilala.

c. Ang mga naglilingkod sa barangay, bayan, panlalawigan, at bansa ng mahigit sampung (10) taon ay nararapatgawaran.

d. Ang bawat indibidwal na naging kampeon sa pangnasyunal at internasyunal na paligsahan ay nararapat gawaran ng pagkilala.

e. Ang bawat grupo/organisasyon na naging kampeon sa pangnasyunal at internasyunal na paligsahan ay nararapat gawaran ng pagkilala.


f. Ang mga mamamayang Bulakenyo na nagpamalas ng kabayanihan ay nararapat maparangalan.

g. Ang mga mamamayang Bulakenyo nakumatawan at nag-uwi ng karangalan sa bayan ng Bulakan.

TUNTUNIN 2. Ang lahat ng kikilalanin na mamamayan ng Bulakan ay marapat lamang na bigyan ng plake o sertipiko ng pagkilala na igagawad ng Sangguniang Bayan sa isang espesyal na pagtitipon o okasyon ng Pamahalaang Bayan.

TUNTUNIN 3. Ang lahat ng nominado ay kinakailanganaprubado ng pinanggalingang barangay at kikilalanin sa pamamagitan ng liham na may lagda ng Punong Barangay.

gawin



TUNTUNIN 4. Ang bawat kwalipikado ay dadaan sa rekomendasyon at pagsusuri, na magiging batayan, kung siya ay nararapat o kwalipikado para sa gawad pagkilala sa pamamagitan ng Lupon ng Alituntunin, Batas at Etika, ng Sangguniang Bayan.

TUNTUNIN 5. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY. Kung sa anumang dahilan o kadahilanan ay ipinasiyana ang isang bahagi o tadhanain ng Kautusang ito ay taliwas sa Saligang Batas o walang-bisa, ang bahagi na hindi apektado ay mananatili at patuloy na mag kakabisa.

TUNTUNIN 6. SUGNAY NG PAGPAPAWALANG-BISA. Lahat ng Kautusang Bayan, Patakaran at Alituntunin na hindi umaayon o alinsunod sa anumang dahilan tadhanain ng Kautusang ito ay pinawawalang-bisa o binabago alinsunod sa Kautusang ito.


TUNTUNIN 7. SUGNAY NG PAGKAKABISA. Ang kautusang ito ay magkakabisa sa sandaling katigan ng Sangguniang Panlalawigan at mailathala ng tatlong (3) mag kakasunod na linggo sa lokal na pahayagan o maipaskil sa tatlong (3) mga hayag na lugar sa bayan.

SA MUNGKAHI, ni Igg. Aron Ronald R. Cruz na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;


IPINASIYA, Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Sang-Ayunan Ang Pambayang Kautusan Na Kikilala At Mag Gagawad Sa Mga Natatanging Bulakenyo Na Nakapag-Uwi Ng Karangalan Sa Bayan Ng Bulakan Na Gagabayan Ng Mga Alituntuning Nagtatakda Ng Katangian Ng Isang Natatanging Mamamayan


PINAGTIBAY


Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.


JOSE CARLO S. PANTALEON
Nanunuparang Kalihim ng Sanggunian
(Temporary)

PAGPAPATUNAY:


Atty. REINA RICA C. SANCHEZ
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Ilapag









PINAGTIBAY:


AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO
Kagawad



JOSE ANTONIO V. LAVA
Kagawad



ARON RONALD R. CRUZ
Kagawad


MARBIN J. GARCIA
Kagawad



CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO
Kagawad


BIENVENIDO M. CRUZ JR.
Kagawad



Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN
Kagawad


RICHE E. SAN JOSE
Kagawad


MICHAEL M. RAMOS
Kagawad (Ex-Officio-SK)


MIGUEL LEONARDO
Kagawad (Ex-Officio-SK)

PINAGTIBAY at NILAGDAAN:


VERGEL C. MENESES
Punong Bayan
01-18-23